Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-5 NG SETYEMBRE, 2011 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Klean Rose F. Borbon | - | SK Fed. President |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Virgelio M. Astillo | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

x-----------------------------------------------------------------x

## KAUTUSAN BLG. 11 - 09- 115

**KAUTUSANG NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN AT REGULASYON SA PAG-UULING SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO**

**May-Akda: Kgg. Ramon G. Magbanua**
**Pangalawang May-Akda: Kgg. Eduardo C. Aceron**

Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay nag-aatas ng mga sumusunod:

**SEKSIYON 1.** Ang sinumang tao o grupo na mag-uuling sa nasasakupan ng Bayan ng Bulalacao ay kinakailangang may pahintulot ng DENR, CENRO at lokal ng Pamahalaan ng Bulalacao;

**SEK. 2.** Ipil-ipil ang kahoy na pinapahintulutan na dapat ulingin at ito ay bawal ilabas sa Bayan ng Bulalacao na ito ay para sa lokal na pang-konsumo lamang;

**SEK. 3.** Ang pag-uuling ng kahoy na ipil-ipil ay pinapahintulutan lamang na isagawa sa itatakdang lugar ng lokal na pamahalaang Bayan ng Bulalacao na idedetermina ng Punong Bayan;

**SEK. 4.** Ang lahat ng taong nag-uuling at nagbebenta nito sa bayan ng Bulalacao ay kinakailangang magbayad ng environmental fee na nagkakahalaga ng sampung piso (Php10.00) kada sako;

**SEK. 5.** Ang isa (1) hanggang dalawang (2) sako ng uling na panggamit ng mga estudyante ay pinapahintulutan na ilabas sa bayan ng Bulalacao kung ito ay may certification ng Punong Barangay na pinagkunan ng uling;

2021.05.25 15:
Scanned with CamScanner

**SEK. 6.** Ang lahat ng may-ari ng sasakyan na panglupa at pangdagat na mahuling magkarga ng uling palabas ng Bayan ng Bulalacao ay magmumulta ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | Php 2,000.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | 2,500.00 |

Sa mga may ari ng mga uling na lumabag sa nakasaad sa kautusang ito:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | Php 2,000.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | 2,500.00 |

**SEK. 7.** Ang sinumang tao, grupo at sasakyan na lumabag ng tatlong (3) beses sa Kautusang ito ay magmumulta ng halagang Dalawang Libo at Limang Daan (Php2,500.00) at sasampahan pa ng Hepe ng Pulisya at CENRO ng kaso sa paglabag sa PD 705 at iba pang mga kaugnay na mga batas;

**SEK. 8.** Ang bayarin sa Environmental Users Fee at ang penalidad sa bawat paglabag ay reresibuhan ng Pambayang Ingat-Yaman o kinatawan nito.

**SEK. 9.** Ang lahat ng Ordinansa ng Barangay at ng Bayan ng Bulalacao na salungat sa kautusang ito ay pinapawalang bisa na;

**SEK. 10.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos mapagtibay at mapatalastas ng sampung (10) araw sa mga mataong lugar;

**ISINABATAS** ngayong ika-5 ng Setyembre, 2011 sa Bulalacao, Silangang Mindoro.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

| | | |
|---|---|---|
| **EDUARDO C. ACERON**<br>Konsehal | **GIDEON B. ABUEL**<br>Konsehal | **EMELITA A. OSORIO**<br>Konsehal |
| **GUILLERMO G. SALAS, JR.**<br>Konsehal | **LEONARDO A. ANDALLON**<br>Konsehal | **JUAN L. SALAS, SR.**<br>Konsehal |
| **SENEN C. FAMILARA**<br>Konsehal | **RAMON G. MAGBANUA**<br>Konsehal | **KLEAN ROSE F. BORBON**<br>SK Fed. President |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 10 24 11

110905/PLP/jpc

Scanned with CamScanner